Republic of the Philippines
Province of Laguna

MUNICIPALITY OF BIÑAN
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLALAWIGAN
RECEIVED
JUN 26 2008
9:45 a.m
STA. CRUZ, LAGUNA

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BIÑAN, LAGUNA NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN AMBROSIO RIANZARES BAUTISTA SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BIÑAN NOONG 03 HUNYO 2008.

KAPASIYAHAN BLG. 120-(2008)

Sa mungkahi ni ***Konsehal ALFREDO A. ARCEGA*** na pinangalawahan ni ***Konsehal ELMARIO B. DIMARANAN*** ay pinasiyahan ang pagpapatibay sa ;

KAUTUSANG BAYAN BLG. 02-(2008)

ISANG ORDINANSA NA INAAMIENDAHAN ANG KAUTUSANG BAYAN BLG. 05-(73) NA NAGBABAWAL SA SINUMANG TAO NA GAMITIN PARA SA SARILI NIYANG KAPAKANAN ANG ALINMANG BAHAGI NG DAAN AT BANGKETA SA NASASAKUPAN NG PAMILIHANG BAYAN AT MGA KARATIG NITO AT ANG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG NITO.

SEKSIYON BLG. **1.** Ipinagbabawal sa sinumang tao na magtayo o maglagay ng anumang bagay sa bangketa ng daan o lansangan o kaya'y pagtindahan ang alinmang bahagi nito na nagbibigay sagabal sa paggamit nito ng mga mamamayan ng walang pahintulot ng Sangguniang Bayan;

SEKSIYON BLG. **2.** Ipinagbabawal sa sinumang tao na gamiting garahe o pirmihang tigilan ng anumang uri ng sasakyan, maging may motor o wala, ang alinmang bahagi ng daan o lansangan;

SEKSIYON BLG. **3.** Sa unang paglabag ng kautusang ito ay papatawan ng **TATLONG DAAN PISO (P 300.00)** multa;

SEKSIYON BLG. 4. Sa ~~ika-2~~paglabag ng kautusang ito ay papatawan ng **LIMANG DAAN PISO (P 500.00)** multa o pagkabilanggo ng DALAWANG ARAW (2) o kapwa pagkabilanggo at multa, sang-ayon sa Kapasiyahan ng Hukuman;

SEKSIYON BLG. 5. Sa ika-3 ~~ulit~~ o sumunod pang mga paglabag ay papatawan ng **DALAWANG LIBONG PISO (P 2,000.00)** multa o pagkabilanggo ng LIMANG ARAW (5) o kapwa pagkabilanggo at multa, at pagkumpiska ng plaka ng sasakyan, pagkakansela ng rehistro nito, pagkumpiska ng mga paninda na dadalhin sa DSWD at paggiba sa mga istrakturang nakakasagabal, ayon sa Kapasiyahan ng Hukuman;

SEKSIYON BLG. 6. Ang alinmang bahagi ng Kautusang ito na taliwas o salungat sa Konstitusyon at mga batas ng Pilipinas ay walang bisa at hindi iiral , subalit ang ibang bahagi na hindi taliwas o salungat ay mananatiling may bisa at iiral.

SEKSIYON BLG. 7. Ang Ordinansang ito ay magkakaroon ng bisa, pagkaraang ito ay aprubahan ng Sangguniang Bayan at matapos ang publication kung saan ang buod nito ay ~~ilalathala nang naaayon sa itinalaga ng batas.~~

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA.

PINATOTOHANAN :

CELESTINO M. AMBAS
Kalihim, Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY :

Abogado WALFREDO R. DIMAGUILA, JR.
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

Kgg. MARLYN B. ALONTE-NAGUIAT